Maritime and Coastguard Agency

Ang Pamumuno Para sa Kaligtasan

Isang praktikal na patnubay sa mga Namumuno sa Industriya na may kaugnayan sa dagat

Mga Buhay Na Higit Na Ligtas,
Mga Barkong Higit Na Ligtas,
Higit Na Malinis Na Mga Karagatan

Mga Buhay na Higit na Ligtas,
Mga Barkong Higit na Ligtas,
Higit na Malinis na mga Karagatan

Mga Nilalaman

Tungkol sa Patnubay na ito 4

Bakit kailangan natin ito? 4

Paano ko dapat gamitin ito? 4

Saan ako makakahingi ng karagdagang impormasyon? 5

Ang Sampung buod ng mga Katangian ng Pamumunong Pangkaligtasan 6

Pagtitiwala at Otoridad

1 Itanim ang paggalang at magtamo ng kapangyarihan 8

2 Pamunuan ang team sa pamamagitan ng halimbawa 10

3 Gamitin ang karunungan at karanasan 12

4 Manatiling kalma sa krisis 14

Empatiya at Pang-unawa

5 Sanayin ang ‘matatag na empatiya’ 16

6 Maging sensitibo sa iba’t ibang kultura 18

7 Alamin ang limitasyon ng mga crew 20

Pagganyak at Pagtupad sa Pangako

8 Magganyak at lumikha ng pang-unawa sa komunidad 22

9 Ilagay muna ang kaligtasan ng crew at mga pasahero higit sa lahat ng bagay 24

Pagiging Bukas at Pagiging Malinaw

10 Makipagkomunika at makinig nang mabuti 26

Tungkol Sa Patnubay Na Ito

Ang patnubay na ito na inilathala ng Ahensiya ng Pangkaragatan at Coastguard Maritime and Coastguard Agency (MCA) ay inilaan upang makatulong sa mga pinuno at nakatatandang mga opisyal sa industriya na pangkaragatan na mapaayos ang kanilang pamumuno at mga kakayahan sa pangangasiwa ng mga tao upang matiyak ang isang ligtas na operasyon. Ang patnubay ay naglalaman ng mga tips at mababuting gawi sa sampung buod kalidad ng pamumuno para sa isang epektibong pamumunong pamgkaligtasan, na pinaghiwalay sa limang kategoriya.

Bakit Kailangan natin ito?

Mayroong napatibayang mga pananaliksik kapwa sa pangkaragatan at ibang mapanganib na mga indistriya na nagpapatunay ng malaking epekto/salpok ng pamumuno sa kaligtasan ng mga operasyon. Habang ang code ng International Safety Management (ISM) ay isang malaking hakbang sa simula sa pag-unlad ng mga pamantayan ng kaligtasan, ang pagiging epektibo nito ay nakasalalay nang mabigat sa mga kakayahan at katangian ng mga pinuno – kapwa sa karagatan, at sa ship-shore interface, at sa katihan.

Sa katotohanan lahat ng mga pinunong pangkaragatan ay nais na gawin ang magagawa nila para sa kaligtasan, ito ay walang duda. Subali't kung minsan ang tunay na buhay ay nakapagpapahirap sa mga bagay – kagipitan sa oras, mga pagpapahirap dahil ng ekonomiya at mga pangyayaring pang-araw-araw kung minsan ay parang nagkakaisa laban sa pamumuno na pangkaligtasan. Ang patnubay na ito ay base hindi lamang sa teoriya subali't sa tunay na buhay din, kasama ang konsutasyon sa mahigit na 65 mga seafarers at mga namumuno sa kati tungkol sa pang-araw-araw na paghamon sa pamumunong pangkaligtasan. Mapapansin mong ang iba ay may sentido-komun, subali't halos bawa't isa ay makikinabang sa isang paalaala.

Paano ko ito gagamitin?

Iminumungkahi naming basahin ninyo ang patnubay at isaalangalang kung paanong ang bawa't isa ay tumutukoy sa iyo. Maaari ka ring magtanong sa iyong katrabaho o sa isang napapailaliman mo na bigyan ka ng "feedback" kung paano ka kagaling at kug paano mo ito mapapagbuti. Inaasahan din namin na itatabi ninyo ang patnubay para sa panghinaharap na reperensiya. Siyempre ang patnubay na ito ay papel lamang. Ang talagang mahalaga ay kung paanong kumilos ang mga pinuno sa pang-araw-araw na katayuan. Ang iyong mga crew ay may matututunan sa iyong pamumunong pangkaligtasan sangayon sa nakikita nilang ginagawa mo at sa naririnig nilang sinabi mo, mahigit pa sa ibibigay mo sa iyong talumpati o isang isinulat na komunikasyon.

Saan ako makakahingi ng karagdagang impormasyon?

Makakakuha ka pa at gayon din makapagbibigay ng feedback tungkol sa patnubay na ito sa pamamagitan ng pagkontak sa sangay ng Kapanganiban, Pagsusuri at Pag-iingat (Risk, Analysis and Prevention) Tel: **02380 329 100**. Maaari ka ring pumasok sa MCA website **www.mcga.gov.uk** upang magdownload ng kopya ng patnubay na ito o malaman ang tungkol sa ibang Gawain ng MCA na may kinalaman sa Sangkap na Pantao (Human Element).

Ang Sampung Ubod ng Katangian ng Pamumunong Pangkaligtasan

Pagtitiwala at Otoridad

1. Ituro ang paggalang at magpakita ng otoridad
2. Pamunuan ang team sa pamamagitan ng halimbawa
3. Gamitin ang karunungan at karanasan
4. Manatiling kalma sa krisis

Empatiya at Pang-unawa

5. Gumamit ng ‘matatag na empatiya’
6. Maging sensitibo sa iba’t ibang kultura
7. Alamin ang limitasyon ng mga crew

Pagganyak at Pagtupad sa Pangako

8 Motibahin at lumikha ng makahulugang komunidad

9 Ilagay ang kaligtasan ng crew at mga pasahero bago sa lahat ng bagay

Pagiging-bukas at Pagiging Malinaw

10 Makipag-usap at makinig nang mabuti

Pagtitiwala at Otoridad

1 Ikintal ang paggalang at magpakita ng Otoridad

Ang abilidad na magtanim ng paggalang, at ang magpakita ng otoridad, ang crew ay maaaring unang bagay na maisip kapag tayo'y nag-iisip tungkol sa pamumuno. Sa maraming paraan nangyayari itong mag-isa kapag alam mong naayos mo ang lahat. Ang mga pinuno ay nakakakuha ng paggalang at nakakatamo ng otoridad kapag ang crew ay naniniwala na ikaw ay:

- Papayag na gamitin ang kapangyarihang ibinigay ng iyong pusisyon
- Magtaglay ng kinakailangang karunungan at kagalingan
- Naiintindihan ang kanilang situwasyon at pangangalaga tungkol sa kanilang kapakanan
- Ay nakakapagkomunika nang malinaw
- Ay handing kumilos nang may tiwala at walang-alinlangan.

Bakit mahalaga ito?

Kung walang otoridad at paggalang mahirap sa mga pinuno ang impluwensihan ang pagkilos ng kanilang crew, kasama ng mga pagkilos na may kinalaman sa kaligtasan. Ang mga crew ay maaaring magtatag ng sarili nilang indibiduwal o mga kahalagahan na panggrupo, pakikitungo at pagkilos, o kaya'y sumunod sa ibang de-facto pinuno na medyo mababa ang katayuan. Ito ay maaaring tumungo sa hindi maayos na pagsunod sa mga pamantayan at labis na risk-taking. Sang-ayon sa mga pananaliksik may mga Masters na nararamdamang ang kanilang otoridad ay winawalang-bahala sa pamamagitan ng pagparami ng palakad buhat sa mga manedyer na nakaatalaga sa kati sa ilalim ng ISM (hal. Sa pamamagitan ng mga pangangailangan ng 'Designated Person Ashore'.) Gayon din, may mga Masters na nararamdamang ang pagdami ng mga pamantayan sa pangangasiwa at pamamaraan ay nagpapahina na kanilang otoridad. Ang mga bagay na ito ay mahalagang mapag-ukulan ng pansin.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Ang mga pinuno ay kailangang isaayos ang istilo upang maiangkop sa kanilang indivudual personalities, at may mga karaniwang katangian:

Mga Bagay na maaaring gawin

- Magkaroon ng tiwala sa iyong desisyon at dumikit dito
- Aminin ang mga pagkakamali kapag tiyak mong ikaw ay mali
- Ipakita ang pangangalaga sa staff at paggalang sa pamamagitan ng pang-araw-araw na pagkilos
- Magtamo ng respeto sa pamamgitan ng iyong mga kilos
- Piliting makakuha ng higit na mabuting pakikipagtulungan sa ship-shore management (hal. Sa pamamagitan ng mga miting, impormal na pakikipagkontak o rotasyon ng gawain).

Mga Bagay na hindi maaaring gawin

- Ang paghingi ng paggalang sa mga nasasakupan
- Ang paggamit ng kapangyarihan na ibinigay ng iyong pusisyon bilang pagbabanta
- Tumatangging makinig kapag hinahamon
- Kumikilos na matatag na di naman kailangan at walang pagkamatwiran
- Di binibigyan-pansin pamunuan ng nasa kati
- Sisihin pamunuan ng nasa kati sa mga kagagawan ng mga desisyon
- Mga manedyer sa kati na sobrang mapag-utos sa mga Masters.

> “Ang pagkuha ng paggalang ay kumbinasyon ng pagkakaroon ng tamang karunungan, kakayahan at pakikitungo, na kung saan ay sariling-pamamahala”
>
> *Passenger ferry*

Tiwala at Otoridad

2 Pamunuan ang team sa pamamagitan ng halimbawa

Ang pamumuno sa team sa pamamagitan ng halimbawa ay kumbinasyon ng dalawang bagay: ang makitaan na ginagawa mo ang iyong sinesermon, at ang makitang gumagawa bilang punong bahagi ng iyong team.

Bakit mahalaga ito?

Tanyag na na ang tao ay hindi susunod sa patakaran o pagsasanay kung hindi ka mismo susunod dito – ito ay tunay na totoo sa mga patakaranng pangkaligtasan. Sa kinaugalian, naisaisip na ng mga Masters na sila ay otoridad at hindi team players. Subali't, dahil sa pagtaas ng mga patakaran sa kaligtasan at pasok ng labour markets, kung minsan dahil sa maraming dating ng mga crew, mahalagang-mahalaga na gamitin ang mga istilo ng pamumuno na nagpapakita na kabahagi sa kahalagahan ng kaligtasan sa pamamagitan ng aksiyon, hindi lamang salita.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Laging ipakita na sumusunod sa simple, nakikitang patakaran sa kaligtasan habang nangyayari ang pang-araw-araw na aktibidad
- Ipakita na ikaw ay gumagawa ng masiglang papel (active role), hindi lamang nasa kabilang tabing mga gawain
- Paminsan-minsan ipakita na ikaw ay tumutulong sa gawain ng mga nasasakupan kung kinakailangan.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Ang paggamit ng disiplina para sa indi pagsunod habang ikaw ay hindi naman tumutupad sa mga patakaran
- Umiiwas ' na marumihan ang iyong mga kamay' ng mga trabahong pangsubordinado mo.

> “Dapat na sila mismo ay sumunod sa mga patakaran; hindi sila dapat umasa sa iba na sumunod kung hindi rin sila mismo gagawa nito”
>
> *Dry cargo*

Tiwala at Otoridad

3 Matuto sa karunungan at karanasan

Ang sarili ang makapagsasabi na angkop na karunungan at karanasan ang mga kinakailangan para sa epektibong pamumuno. Sa kahulugan ng pamumunong pangkaligtasan ang ibig sabihin nito sa partikular ay:

- Mabuting kaalaman ng mga patakarang may kinalaman-sa kaligtasan, codes at mga pamantayan
- Karanasan at kakayahan hindi lamang sa teknikal at mga isyung operasyonal kundi gayon din pangangasiwa ng tao.

Bakit mahalaga ito?

Kung walang makatotohanang karunungan sa kaligtasan, ang mga pinuno ay hindi makakukumbinse sa kanilang mga crew na sila ay magaling tungkol sa mga isyung pangkaligtasan at kanila ring maseseryoso ito. Kung walang kakayahan sa pamumuno ng tao, epektibong pagpapaganap ng nakasulat na patakarang pangkaligtasan, codes at mga pamamaraan ay napakahirap. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pamumuno ng tao ay isang pook para sa karagdagang pagpapaunlad sa industriyang may kaugnayan sa dagat. Maliit lamang na pormal na pagsasanay sa bagay na ito sa kasalukuyan.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Tiyakin na ikaw ay may kaalaman sa mga pangangailangan sa kaligtasan – pumasok sa isang refresher kung kinakailangan
- Isaalangalang ang sarili mong lakas at kahinaan sa mga kakayahan ng tao katulad ng komunikasyon, motibasyon, team working, resolusyon sa di-pagkakaunawaan, pangangasiwa ng krisis, pagtuturo at pagtasa, disiplina. Kung kinakailangan pumasok sa pagtuturo o pagsasanay sa mga lugar na ito
- Hindi ka maaaring eksperto sa lahat ng bagay – kaya humanda ka upang tanggapin ang iyong kawang sa karunungan at humingi ng payo kung kailangan mo ito.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Ang pagisipang mabuti lamang ang karunungang teknikal na pangkaligtasan na hindi isinasaalangalang ang kakayahang pantao.

> “Ang isang magaling na Kapitan ay handing magtanong ng mga istupidong bagay: Ito’y pamamaraang pag-aaral na pandalawahang landas – hindi dahil sa ikaw ay Kapitan ay alam mo ang lahat ng bagay.”
>
> *Passenger Ferry*

Tiwala at Otoridad

4 Manatiling kalma sa krisis

Kailangan ng tao ng isang malakas, malinaw na pamumuno sa krisis at higit na mapagkakatiwalaan sa kanilang mga pinuno sa halip na baliktad ang pagkakataon, ang pagiging kalma sa kalagayang krisis ay isang ubod na pangangailangan at magtitiwala sa maraming ibang katangian ng pamumuno na ipinaliwanag sa polyetong ito kasama ang paghawak ng otoridad at pagkayag ng karunungan at karanasan. Lalo na, mahalaga na magkaroon ng tiwala at pananalig sa abilidad ng crew a rang pagiging handa sa mga emerhensiya. Ang mga pagdalo sa pagsasanay na pangkaligtasan at sa 'response drilling' ay mahalaga para sa lahat ng crew.

Bakit mahalaga ito?

Ang pagiging kalma sa krisis ay particular na mahalaga dahil sa karagdagang kumplikasyon ng iba't ibang wika at nasyonalidad na bumubuo ng crew. Ang mga kumplikasyong ito ay parang nabibigyan-diin sa panahon ng mga emerhensiya.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Ang magpaunlad ng napakahusay na karunungan ng, at tiwala sa, abilidad ng crew
- Maglagay ng isang masigasig na patakaran sa ‘compulsory attendance’ at pagsasanay sa mga emerhensiyang pangkaligtasan at mga ‘response drills’.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Hindi madalas o pabagu-bago na mga pagsasanay na pangemerhensiya
- Ang hindi matutukan ang mga isyu tungkol sa wika sa pagpaplanong pang-emerhensiya.

“Kailangan mo ang tiwala, na dapat ay naroon bago mangyari ang aksidente – sa katunayan ito’y kailangang naroon na muna”

Tanker crew

Empatiya at Pang-unawa

5 Gumamit ng ‘matatag na empatiya’

Ang ‘Empatiya’ ay tungkol sa pagtalakay sa at pang-unawa ng kalagayan ng isang tao, damdamin, at mga motibo. Kinakailangan nito ng kakayahan upang ilagay ang sarili sa katayuan ng iba, at ang magpalago ng kasanayan sa mabuting pakikinig. Ang mababuting pinuno ay reyalistikong umuunawa sa mga empleyado at mahigpit na nangangalaga sa ginagawa nilang trabaho- subali’t hindi ito nangangahulugan na sila’y lagging sumasang-ayon sa kanila o nakikilahok sa mga pag-alaala o pag-ungol. Sa halip pinapraktis nila ang “matatag na empatiya”. Na ang ibig sabihin ay ibinibigay sa tao ang kanilang **kailangan**, sa halip na ang kanilang **gusto**. Isang paraan na tingnan ito ay “pangangalaga na may may pagkahiwalay’. Isang halimbawa ay ang pagbibigay sa staff ng ‘safety footwear’ na maginhawa at ligtas, sa halip na gumastos ng karagdagang pera upang makapagbigay ng istilong ‘sunod sa moda’.

Bakit Mahalaga ito?

Mahalaga ang tough empathy upang masabi sa crew na naiintindihan ang kanilang kalagayan, damdamin at motibo, at upang maisagawa mo bilang pinuno na kunin ang tamang daan ng aksiyon na nagpapahalaga sa mga pagnanais, damdamin at pagkabahala habang nakatuon sa pag-abot ng karapat-dapat na pangkalahatang layunin. Sa kahulugan ng kaligtasan, ito ay lubhang mahalaga upang maakit ang pagsunod sa mga patakaran ng kaligtasan ng mga crew.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Himukin ang crew na magbigay ng feedback tungkol sa kanilang kalagayan, damdamin at motibo. Kapwa sa pang-araw-araw na sitwasyon at pormalan sa di-plinanong mga sesyong pangkomunikasyon
- Maging handang tanggapin, tingnan o buuin (summarise) ang feedback upang mapatotohanan ang pang-unawa, pagkatapos ay ipaliwanag ang inyong konklusyon at ang mga aksiyong nais na gawin. Kung ito'y masyadong malaki ang kaibahan sa mga sinabi ng mga tao na gusto nila, bigyan ng panahon na maipaliwanag nang mabuti ang kaso at magbigay ng halimbawa kung bakit mo ginamit ang aksiyong ito.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Ang magbigay ng panahon na makinig sa kung ano ang sinasabi ng tao, subali't gumawa ng ibang desisyon na walang malinaw na demonstrasyon na iyong narinig at naintindihan, o paliwanag ng iyong dahilan
- Sobrang pagsasalita tungkol sa "pakikinig" na nabibigyang-walang bisa ang "paggawa-ng-desisyon" – ito ay maaaring tumungo sa pagkawala ng paggalang at otoridad.

> "Kailangan nila ng timbang ng empatiya at pagkaistrikto"
>
> *Passenger ferry*

> "Ang mabuting pinuno ay… Istrikto nguni't walang-kinikilingan"
>
> *Passenger ferry*

Empatiya at Pang-unawa

6 Maging sensitibo sa ibang kultura

Ang mabubuting pinuno ay sensitibo sa mga pagkakaiba-iba sa karaniwang sinusunod (norm) ng sosyal at pagkilos ng kulturang pangnasyonal, gayon pa man pinahahalagahan ang lahat ng miyembro ng crew na pantay-pantay anuman ang kanilang nasyonalidad. Alam nila kung paano isasalin ang iba't-ibang signales ng pagkilos, at kung paano mabuting magreaksiyon upang magamit ang pinakamabisang impluwensiya.

Bakit mahalaga ito?

Ang mga crew ng magkalahok ang nasyonalidad ay ang karaniwang sinusunod. Ito'y naipakita na ang iba't ibang kulturang pangnasyonal ay maaaring iba't iba ang mga kahalagahan at pakikitungo tungkol sa kaligtasan – halimbawa ay tungkol sa 'fatalism' pagsunod sa mga utos, pagtanggap-sa kapahamakan atbp. Ang mga kahalagahan at pakikitungong ito siyempre pa ay maaaring maiangkop, subali't ang pagkasensitibo ay kinakailangan upang maintindihan kung papaano magpatuloy.

Sa ibang mga kaso, ang magkakalahok na nasyonalidad ay maaaring tumungo sa paghiwa-hiwalay ng mga grupong pangsosyal, kadalasan base sa wika. Ito ay maaaring maging seryosong hadlang tungo sa epektibo at di-pabagu-bagong implemenetasyon ng mga pangangailangang konektado sa kaligtasan, at mga buong kabutihang pangsosyal ng crew. Sa mga sitwasyong pang-emerhensiya, siyempre ang wika ay potensyal na lugar ng kapahamakan.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Tiyaking mabuti na isang "wikang umaandar" ang ginagamit kahit na sa mga situwasyong sosyal, at ang crew ay may sapat na pagsasanay sa wikang ito
- Piliting iwasan ang isang malaking 'kritikal mass" ng isang nasyonalidad na nagugrupo, kung maaari
- Pag-aralan ang mga pangunahing puntos (key features) ng signales ng tipikal na ikinikilos na ipinapakita ng mga nasyonalidad na kasama – mayroong pagsasanay na nakalaan para dito
- Bukas ang isip na magtayo ng tiwala, pamilyaridad at integrasyon ng di-magkakaparehong grupong pangsosyal sa pamamagitan ng organisado o semi-organisadong gawaing sosyal sa barko.

Mga bagay **na** hindi maaaring gawin

- Mga paghusga sa 'kahalagahan' na nakaukit na sa isip (ingrained) tungkol sa iba't ibang nasyonalidad
- Ang sobrang pagpraktis ng 'kawastuang ma-politikal'(political correctness) tungkol sa pakikibagay sa iba't ibang nasyonalidad na maging sanhi na ang mga relasyon ay maging sa pilitan at hindi natural.

Empatiya at Pang-unawa

7 Kilalanin ang mga kakayanan ng crew

Ang mabuting pinuno ay may malinaw na pang-unawa kung paanong ang mga pagpapalakad at iba pang mga kahilingan ay maaaring reyalistikong magampan ng crew, at maaaring maghusga kung ang grado ng pagkapagod ay labis na kaya dapat gumamit ng hakbang.

Bakit mahalaga ito?

Ang mga puwersa na pangkomersiyal ay patuloy na maging matindi sa industriya ng paglalayag. Ang katamtamang grado ng paglalagay ng tao (manning levels) at pagtaas ng mga hinihingi sa pagbigay-ulat at pagsusulat ay nangangahulugan ng mahabang oras pagtrabaho at ang pagkapagod ay punong isyu. Dati nang nakita na ang labis na pagkapagod at paghihirap ay nagiging sanhi ng taliwas na epekto sa kaligtasan, at isa sa mga punong dahilan ng pagkakamaling pantao at di-magaling na paggawa ng desisyon.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Magmonitor at maging alamin ang mga signales ng labis na pagkapagod sa mga miyembro ng crew
- Tiyakin na ang mga oras ng pagtrabaho ay malubos na napapangasiwaan at itinatala
- Sa kaso ng mga bumabalik na mga problema, pag-usapan ang posibleng solusyon sa pangasiwaan sa kati
- Humandang magdesisyon kung kinakailangan na bagalan o ihintong pansamanatala ang operasyon.

Mga bagay **na** hindi maaaring gawin

- Ang umasa sa mga miyembro ng crew na sabihin sa iyong sila ay nagdurusa sa labis na pagkapagod
- Ang tanggapin na ang mataas na grado ng pagkapagod ay ang tanggap na karaniwang nangyayari.

Pagganyak at Pagtupad sa Pangako

8 Lumikha ng motibasyon at pang-unawa sa pagsasama-sama

Pinatutunayan ng pananaliksik na ang mga tao sa trabaho ay tunay na namomotiba ng kasiyahan o pagpapahalaga sa sarili na makumpleto ang isang mabuting trabaho, at ang pakiramdam na siya'y kasama sa team – hindi lamang ang salapi. Ang mga pinuno ay may mahalagang ginagampanang papel na ginagampanan sa paglikha ng mga kalagayan upang mahimok at mapanatili ang mga "malusog" na tagapagmotibang ito. Ang pagpapakita ng paggalang sa staff ay kadalasang pinakapunong bahagi nito. Ang pagsagot sa pangangailangan ng isang tao ay kadalasang susi sa pananatili ng kanilang motibasyon.

Bakit mahalaga ito?

Ang team spirit at pagpapahalaga sa sarili sa gawain ng isang tao ay nangungunang taga-ambag sa morale ng team. Ang morale ay napatunayang nagbibigay ng taliwas na bagsak (impact) sa pagdami ng pagkakamali kaya naman ang pagpapahalaga sa mga aspetong ito ay mahalagang bahagi ng pamumuno sa kaligtasan.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Isama ang staff sa mga aspeto ng pangangasiwa, halimbawa ang pagpapaunlad nd pagtrabahong madetalye at mga isinasagawa sa operasyon
- Tiyakin na ang feedback ay laging kasama ng mga mungkahi at katanungan ng mga staff
- Ipakita sa, at pangalagaan ang, isyu ng kapakanan ng crew
- Sumali sa at himukin ang mga gawaing sosyal na kalahok ang mga staff.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Minsan lang na inisyatibo para sa pagtaas ng morale ng staff o kaya'y mga panukalang panggantimpala na maaaring masabing nagpapakababa o walang halaga
- Isinasama ang mga staff sa salita lamang, subali't sa gawa hindi masyadong pinapansin ang kanilang ibinibigay/ginagawa.

"Ang isang Master ay dapat na may abilidad na mapagtrabaho ng magkakasama ang mga tao at nakikitang gumagawa."

Dry cargo

"Dapat na isama ang mga tao sa pang-araw-araw na paggawa ng desisyon, subali't sa loob ng malinaw na balangkas ng disiplina."

Oil tanker

Paganyak at Pagtupad sa pangako

9 Ilagay ang kaligtasan ng crew at mga pasahero higit sa lahat ng bagay

Pandaigdigang inaamin na ang pagtupad sa pangako ng pinuno ay lubos na mahalaga para sa mabuting kaligtasan. Kailangang ipakita nang malinaw ng mga pinuno ang pagtupad sa pangakong ito sa kanilang staff sa pamamagitan ng kanilang ikinikilos, sa halip na sa pamamagitan lamang ng pormal na pagsasabi o mga ulat ng pamamalakad. Sa mismong gawa ang ibig sabihin ay pagpapakita na ang kaligtasan ng crew at mga pasahero ay nangunguna sa lahat ng bagay – 'wala tayong anumang gagawin na maaaring ipalit sa kapahamakan'.

Bakit mahalaga ito?

Ang pagtupad sa pangako ng Master ay mahalaga sa pagbigay-katiyakan na ang mga puwersang may kinalaman sa operasyon ay hindi maipagpapalit sa kaligtasan. Ang malinaw na pagpapakita ng pagtupad sa pangako ay mahalaga rin upang mapagtibay ang mga kahalagahang kapwa naiintindihan ng team na may kinalaman sa kaligtasan at makatulong upang maipasok ang mga isyung pangkaligtasan sa pang-arawaraw na aksiyon sa halip na makita ito na karagdagang gawain lamang.

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Linawin sa kapwa nakatataas at subordinado na ikaw ay binigyan-lakas upang kumilos sanag-ayon sa iyong sariling paniniwala tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan, kahit na walang pahintulot ng iba
- Tiyakin na ang mga isyung pangkaligtasan are nakapasok sa pangaraw-araw na gawaing pangoperasyonal, kasama na ang paglilibot, mga miting at pag-uusap na isa sa isa.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Ang pagsabi na ang kaligtasan ang pinakamataas mong prayoridad, tapos saliwat naman sa iyong katatapos na aksiyon (hal. Sa pamamagitan ng pagkompromiso ng kaligtasan dahil sa puwersang pangoperasyonal).

Pagiging Bukas at Pagiging Malinaw

10 Makipag-usap at makinig nang mabuti

Ang abilidad upang makipagkomunika nang malinaw ay mahalaga sa lahat ng grado sa isang organisasyon. Para sa isang Master, ang punong isyu kadalasan ay kung paano mahimok nang mabuti ng dalawahang landas (two-way) sa halip na isahang landas (one-way) na komunikasyon, habang tinitimbang ang otoridad at pagiging madaling malapitan (approachability) Ang pagiging bukas sa mga puna ay bahagi nito.

Bakit mahalaga ito?

Ang malinaw na two-way na komunikasyon at pagiging bukas ay kailangan upang matamo ang isang "makatwirang" kultura. Ang isang makatwirang kultura ay isang uri na ang indibiduwal ay malayang makakapagsalita tungkol sa mga problema o pagkakamali na hindi masisisi. Sa isang makatwirang kultura, ang mga pangyayari sa kaligtasan ay hindi otomatik na isisisi sa indibiduwal – subali't sa mga paulit-ulit na paglabag mayroong makikitang makahulugang patuloy na patakaran sa disiplina. Kung wala ang pagiging-bukas na taglay nitong makatwirang kultura, ang mga pangyayaring pangkaligtasan at mga konti-nang-mangyari ay maaaring masugpo at mga di-kinakailangang gumawa ng kapanganiban.

"Ang isang Kapitan ay kailangang madaling lapitan kaysa sa dating kasabihang siya'y hindi. Kailangan niyang maging katulad ng iba at hindi ilagay ang kaniyang sarili sa pulpeto. Kailangang siya'y timbang na kilala siya ng crew subali't siya rin ay hiwalay"

Passenger ferry

Ano ang Maaari kong Gawin?

Mga bagay na maaaring gawin

- Magsagawa ng mga 'tours' na pangkaligtasan at mga pag-uusap ng impormal sa lahat ng grado
- Tiyaking ang iyong kakayahan sa pakikinig ay mabuti. Kung maaari pumasok sa isang pagsasanay o 'coaching' sa epektibong pakikinig
- Gumawa ng patakarang 'bukas na pinto' para sa mga miyembro ng crew na nais makipagkita sa iyo
- Tiyaking wala nang harang upang mahadlangan ang bukas na pagreport ng mga insidenteng pangkaligtasan at mga halos-ay-mangyari. Kung maaaring isaalang-galang ang paggamit ng isang sistema sa kompidensiyal na pagbigay-ulat
- Magbigay ng positibong feedback tungkol sa mga natutunang leksiyon dahil sa pag-ulat ng mga pangyayari at mga konti-nang-nangyari na walang taong masisisi, at ipaliwanag ang pagtupad sa pangako sa pagtalakay ng mga ugat na dahilan
- Maglinang ng isang kapaligiran ng pagiging bukas sa pamamagitan ng sarili mong istilo ng pangangasiwa at araw-araw na pakikisalamuha.

Mga bagay na hindi maaaring gawin

- Ang magsagawa ng mga 'tours' na pangkaligtasan na magiging pangunahing dahilan upang matingnan ang crew at mapagalitan sila
- Ang pagsasabi ng 'no-blame' na patakaran na hindi tinutukoy ang pangangailangan sa disiplina
- Mga 'panukala tungkol sa mungkahi' na hindi sinusundan at pinapanatili.

"Mabuti siyang Kapitan at siya'y madaling kausapin – puwede mo siyang lapitan."

Passenger ferry

"Maniniwala lang ang tao sa iyo at susundin ka kung kakausapin mo sila at ipakita sa kanila kung bakit ang mga bagay ay dapat na gawin nang ganoon."

Passenger ferry

Maritime and Coastguard Agency

Ang Pamumuno para sa Kaligtasan

Isang praktikal na patnubay para sa mga pinuno Ng Industriyang Paglalayag

Ang patnubay na ito na inilathala ng Maritime and Coastguard Agency (MCA) ay inilaan upang makatulong sa mga pinuno at mga opisyal na nakatataas sa industriya ng paglalayag na mapagbuti ang kanilang pamumuno at maisagawa ang mga kakayahan sa pangangasiwa upang makatiyak ng ligtas na mga operasyon. Naglalaman ito ng mga hiwatig (tips) at mabubuting kaugalian para sa sampung ubod na katangian ng pamumuno para sa epektibong pamumuno sa kaligtasan.

www.mcga.gov.uk

© Crown copyright
MCA 140
Anumang bahagi ng publikasyong ito ay maaaring ma-reproduce basta't ang pinanggalingan ay babanggitin/pasasalamatan.

Mga Buhay Na Higit Na Ligtas,
Mga Barkong Higit Na Ligtas,
Higit Na Malinis Na Mga Karagatan